# Ang Tinapay Ng Buhay



Lingguhang Pagkain

Issue 1



> "Ang salitang walang taros ay sumusugat ng damdamin, ngunit sa magandang salita, sakit ng loob ay gumagaling. Ang tapat na labi ay mananatili kailanman, ngunit ang dilang sinungaling ay hindi magtatagal."
>
> Kawikaan 12:18-19

## ANG DILA

**"Huwag kayong gumamit ng masamang pananalita; sikaping lagi na ang pangungusap ninyo'y yaong makabubuti at angkop sa pagkakataon upang pakinabangan ng makaririnig." Efeso 4: 29**

Paano kung ang isang kamang ukol sa pagamutan ay makita mong ginagamit bilang isang ordinaryong higaan? Ito'y may halaga ang presyo ngunit hindi ukol ang pinaggamitan! Noon, ang radyo, telebisyon, audio/video machine, telepono, at lahat ng iba pang mga kasangkapan sa komunikasyon ay mga panukala para sa malinis na hangarin. Ngunit ngayon, ang mga ito ay pangkarAniwan na lamang at nagiging sanhi ng kremen, mahahalay na palabas at nagpapakita ng nakagagalit at pagmamalabis na gawi. Samakatuwid ang nakakatulong na mga kasangkapang teknolohiya ay pinagmumulan na ng pagkasira ng buhay at pamilya, sa halip na para sa kasiglahan, kalidad at masaganang buhay. Ang mga ito ay nilinang para sa mga tao upang higit na maging kapakipakinabang ngunit inagaw ng maling pag-gamit at hangarin. Kaya't sa halip na lumago ang lipunan ay lalong nasisira at bumababa ang moralidad. Ang mga maling programa ay nagiging sanhi ng takot, pagkabalisa, masamang pag-uugali at gawi, ugat ng tukso, immoralidad at pangangalunya; pinagmumulan ng mga ideya na sumisira sa isipan, kaluluwa at katawan ng tao.

Katulad nito ay ang ating dila. Ito ay dapat gamitin lamang sa pagpupuri sa Panginoong Diyos, sa wastong pagsasalita; pagpapalakas, pagbibigay pag-asa, o pagpapatibay sa kapwa. **"Ito ang ginagamit natin sa pagpupuri sa ating Panginoon at Ama, at ito rin ang ginagamit natin sa pag-alimura sa tao na nilalang na kalarawan ng Diyos. Sa iisang bibig nanggagaling ang pagpupuri't pag-alimura. Hindi ito dapat mangyari, mga kapatid."** ***(Santiago 3:9-10)*** **Ayon sa nasusulat: "Ang may nais ng payapa at saganang pamumuhay, dila niya ay pigilin sa paghabi ng kasamaan. Ang marayang pangungusap at anumang panlilinlang sa kaniyang mga labi'y pag-ingatan."** ***(I Pedro 3:10)***

***Ating suriin kung saan namamali ang ating pananalita:***

1) ***Pagbibiro:*** Ito'y mga mapaglarong imahinasyon o mapaglinlang na tanong na nagdadala ng katatawanan sa paligid. Pagbibiro na may negatibong epekto sapagkat nagbubuyo sa hindi resonableng

isipan at hindi pagtanggap ng simpleng katotohanan. Kung kaya't ito'y walang kabuluhan at nagbibigay lamang ng maling kontribusyon sa isipan. Sa makatuwid, bakit ka magtatabi ng basura sa iyong isipan at gumagawi sa mga maling pananalita o pagbibiro?

2) ***Pagsisinungaling:*** Ito'y paghahatid ng maling inpormasyon at pamamaraan ng pang-uuto o panglilinlang. Ang pagsabi ng di makatotohanang pagpupuri ay isang uri ng kasinungalingan. Ang di pagsasabi ng totoo ay daan upang lituhin ang mga tao. Sa tuwing ikaw'y magsalita ay mayroong taga pakinig. Kadalasan ay di lingid sa iyong kaalaman na ang iyong pagsasalita ay maging basehan ng pangyayari at hatol. Kaya, mag-ingat sa iyong mga pananalita at pakasuriing mabuti ang pantig ng iyong bawat sasabihin.

3) ***Pagbibitiw ng Sumpa:*** Sa paghatol at pagbibigkas ng laban sa taong kinaiinisan o iyong kaaway ay nakapagbibitiw ka ng sumpa at nagpapahayag ng pagkakasakit, kamatayan, pagkawala, kahirapan, balakid o problema. O kaya sa pagnanais na paniwaan ka ng iba ay binabanggit mo ang pangalan ng Panginoong Diyos. **"Sabihin mo na lang na 'Oo kung oo at 'Hindi' kung hindi; sapagkat buhat na sa masama ang anumang sumpang idaragdag dito." (Mateo 5:37)**

4) ***Pang-iinsulto:*** Ano mang salita laban sa Panginoon ay isang pang-iinsulto. Ang pagkutya o di pagtanggap ay nagpapakahulugan ng galit at di paniniwala sa Diyos, kay Kristo, at sa Banal na Espirito.

5) ***Di magandang Pananalita:*** Ang mga magagaspang at walang katuturan na salita at ekspresyon o nakakasakit na salita sa damdamin ng tao ay tunay na hindi maganda. Ang mga marurumi at mga makamandag na salita ay di dapat lumabas sa iyong mga bibig. Sapagkat ang pag-abuso sa iyong pananalita ay naghahatid ng masamang epekto di lamang sa iyo kundi sa nakararami:

   a) ***Masamang epekto sa iyo:*** Ito ay nagdudulot ng kasiraan sa iyong pagkatao na nagsasalita lalo na sa iyong pakikisalamuha sa iba. Nawawala ang pagtitiwala ng iyong ka-pamilya, kasamahan at bababa ang antas ng iyong moralidad at pagkatao.

   b) ***Masamang epekto sa iba:*** Ang mga minamahal mong anak, asawa, magulang, kamag-anak o kaibigan, kung marinig ang iyong gawi ng pananalita ay maaring masaktan at iwasan ka nila. O di kaya nama'y gagayahin ka. Ito ay totoo lalo pa nga't kung ang mga kabataan na nagtatangi sa iyo ang siyang makarinig sa iyong pagsasalita. Ang mga bata ay gumagaya at nag-iipon ng mga natututunan sa kanilang murang isipan. Kayat pananagutan mo ang magturo ng mabuti sa kanila.

Tayo nga ay mangusap ng mga salitang gagabay sa atin at sa iba tungo sa buhay. Ang pananalita ay kinakailangang malinaw, maayos at puspos ng katotohanan upang ang bawat isa'y mag-galagan at magkaroon ng takot sa Panginoong Diyos. Dapat tayong maglagay ng pagtitiwala sa puso ng tagapakinig, upang tanggapin nila ang kautusan ng Diyos na ating ipinamamamahagi at masumpungan nila ang buhay kay Kristo Hesus. Tayo'y mangusap ng may pag-asa at pagmamahal. At ano ang pupukaw sa puso ng bawat tao? Ang salita lamang na puno ng pag-ibig, katotohanan, pag-asa at kagalakan; ang mga salitang nasusulat sa Bibliya at angkop sa panahon. *"Ang Diyos ay pag-ibig."* Sa tuwing sambitin natin ang salita ng Diyos sa bawat tao, unti-unti ang buhay nila ay nababago. Ang salita ng Diyos ay ilaw at nag-aalis sa atin sa kadiliman. Tayo ay nilikhang kawangis Diyos, at ang ating mga labi ay para lamang sa Kanya. Marapat lamang tayong pagpuri sa banal Niyang pangalan. Ang kapangyarihan ng ating mga salita ay nagbibigay buhay sa tao o maaring magsadlak sa atin sa kadiliman. Ating ngang gamitin ang ating labi at dila sa tamang pananalita, pamamaraan at kapanahunan.

***Kaibigan:*** Kung ang mensaheng ito ay nangungusap sa iyo, ikaw ay manalangin ng galing sa iyong puso ng ganito: "Ama sa Langit, pakalinisin mo po ako sa pamamagitan ng banal na dugo ni Kristo sa krus. Hipuin mo po ang aking mga labi at dila, at lukuban ng iyong banal na Espiritu. Tulungan mo po ako na sumunod sa Iyo, magpuri at magbahagi ng Iyong mga salita. Ito ang aking dalangin sa pangalan ni Hesus, **Amen.**